THE FILIPINO-CANADIAN NEWS AND INFORMATION www.talibaFlipzMedia.com

# TALIBA

#492 MAY 17 - 31, 2023 FlipzMedia PUBLISHED IN TORONTO, ONTARIO

# Napakaraming na-accomplished ni Pangulong Marcos sa US visit - Romualdez

MANILA, - Bukod sa milyon-milyong dolyar na investment pledges at libo-libong trabaho na mag-aantay sa mga Pilipino, natugunan din ang problema sa external security ng bansa sa pakikipagpulong ng Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr. kay US Pres. Joe Biden, ayon kay House Speaker Ferdinand Martin Romualdez.

"The president has accomplished so many things in just a very short time," ayon kay Speaker Romualdez.

Aniya, "milyon-milyong dolyar ang asahan natin na investments, na pangako ni Pres. Biden".

"Bukod pa riyan yung libo-libong trabaho na available partikular sa ating mga seaman sa mga US shipping companies, ayon 'yan mismo sa mga employers sa amerika," dagdag ng lider ng Kongreso.

Dagdag pa ng mambabatas mula sa Leyte, nangako din daw ang Amerika na papalakasin ang depensang pangmilitar ng Pilipinas.



*PBBM. delivered his policy speech at the Center of Strategic and International Studies in Washington D.C., USA on May 5, 2023.*

Inihayag din ni Speaker Romualdez na pati ang mga miyembro ng US Congress na kanyang nakapulong ay nagpahayag ng suporta sa Pilipinas.

"Our American counterparts in Congress assured us na susuportahan tayo sa usaping pang-ekonomiya at seguridad sa South East Asia", pahabol ni Romualdez.

*Pilipino Star Ngayon*

# Asian Heritage Month: Para sa isang Pilipina na nurse, una ang komunidad sa lahat

*Si **Mary Grace Ocampo** ay isang trained nurse sa Pilipinas, kung saan nagtrabaho siya sa loob ng maraming taon*

*Isa siyang nurse sa Montreal Neurological Institute-Hospital.*



*Mary Grace Ocampo*

***Ang pagiging bayani sa kanyang komunidad ang paraan kung paano dinadala ni Mary Grace Ocampo ang kanyang kultura.***

Siya ang presidente ng Filipino Nurses' Association of Quebec, isang nurse sa Montreal Neurological Institute-Hospital at ina ng tatlong supling.

Pero ang pagkakaroon ng maraming papel sa buhay ay hindi pinigilan si Ocampo mula sa pagtulong sa kapwa na nangangailangan.

Kaming mga Pilipino, kahit na hindi namin kakilala ang isang tao, o ang komunidad, palagi kaming tumutulong, aniya. Konsepto ng bayanihan.

Nang una siyang dumating sa Canada mula sa Pilipinas, naramdaman ni Mary Grace Ocampo na siya ay nag-iisa lamang. Pero ngayon siya ay may pamilya at komunidad na sa Montreal.

Pinagsasama man niya ang komunidad sa pamamagitan ng mga event sa kanyang nurses' association, o simpleng paggayak ng isang party para sa mga nurse sa kanyang unit, inuuna palagi ni Ocampo ang kanyang komunidad.

Habang dumating siya sa Canada bilang isang nurse na may karanasan mula sa Pilipinas, nakaramdam siya ng pagkalungkot at pag-iisa — at sinabihan ng ibang tao na hindi siya maaaring maging nurse dito.

Ngunit tinapos niya ang kanyang registered nurse training sa Quebec, at ngayon ay nagtatrabaho upang tulungan ang ibang tao na nasa kanyang dating posisyon. ***RCI***

## DALAWANG FILIPINO-CANADIANS TATAKBONG MAYOR SA DARATING NA HALALAN SA SUMMER

*Sundan sa **PAHINA 6 - BUONG ULAT***

Team Work For REAL ESTATE & MORTGAGE



*Real Estate / Mortgage Questions? Call Us Anytime!*

Try us ...it works!

Resty Ragragio
Sales Representative
416-301-1988

Century 21 Innovative Realty Inc.

ULTIMATE MORTGAGE AND FINANCE SOLUTIONS INC.



Cecilia Ragragio
Mortgage Agent Lic. M10000094
289-200-2277

" TEAM OF ENERGETIC & DYNAMIC HUSBAND & WIFE READY TO SERVE YOU "

# GET OUT OF DEBT WITHOUT BANKRUPTCY

Deal directly with the **Licensed Debt Professionals™** at **David Sklar & Associates**

We are licensed by the **Canadian government** to file and administer programs that can relieve your serious debt problem and give you a **'fresh start'**



- Get Out of Debt
- Stop Collection Calls
- Stop Interest Charges
- One Low Monthly Payment
- Without Bankruptcy
- Without Loans

**Cori Naron,**
Certified Insolvency Counsellor (BIA),
Estate Administrator

## For Your Free Consultation
## Call (416) 498-9200 ext. 236

**DAVID SKLAR & ASSOCIATES INC.**
Licensed Proposal Administrators & Licensed Insolvency Trustee

HEAD OFFICE: 245 FAIRVIEW MALL DRIVE, SUITE 720, TORONTO, ONTARIO, M2J 4T1
NORTH YORK ▪ TORONTO ▪ PICKERING / AJAX ▪ MISSISSAUGA / ETOBICOKE ▪ BRAMPTON

# WHO sinabing hindi na global emergency ang COVID na pandemya

**Sinabi ng World Health Organization (WHO)** kamakailan na ang COVID-19 ay hindi na isang global emergency, minarkahan ang simbolikong pagtatapos ng mapinsalang coronavirus na pandemya na nag-trigger ng mga lockdown, binaliktad ang mga ekonomiya sa buong mundo at pinatay ang pitong milyong tao worldwide.

Sinabi ng World Health OrganizationWHO na bagama't ang emergency phase ay tapos na, ang pandemya ay hindi pa rin natatapos, binanggit ang spikes kamakailan sa mga kaso sa Southeast Asia at Middle East. Sinabi ng United NationsUN health agency na libo-libong tao ang namamatay pa rin sa virus bawat linggo.

Kasama ang malaking pag-asa idinedeklara ko na tapos na ang COVID-19 bilang isang global health emergency, ani World Health OrganizationWHO Director-General Tedros Adhanom Ghebreyesus. Hindi ibig sabihin nito na ang COVID-19 ay tapos na bilang isang global health threat.



*WHO Director-General Tedros Adhanom Ghebreyesus*

Nang unang idineklara ng United NationsUN health agency ang coronavirus bilang internasyonal na krisis noong Enero 30, 2020, hindi pa ito pinangalanan na COVID-19 at wala pang major outbreaks maliban sa Tsina.

Pagkatapos ng mahigit tatlong taon, ang virus ay naging sanhi ng tinatayang 764 milyon na kaso globally at limang bilyong tao ang nakatanggap ng at least isang dose ng bakuna.

Sa Estados Unidos, ang ginawang public health emergency declaration ukol sa COVID-19 ay nakatakdang nag-expire nitong Mayo 11, kung saan ang malalawak na hakbang para suportahan ang pagtugon sa pandemya, kasama ang vaccine mandates, ay magwawakas na. Marami pang ibang bansa, kasama ang Germany, France at Britanya, ang ibinaba na ang maraming probisyon laban sa pandemya noong nakaraang taon.

Nang ideklara ni Tedros ang COVID-19 bilang isang emergency noong 2020, sinabi niya na ang pinakamalaking takot ay ang potensyal na pagkalat ng virus sa ibang bansa na may mahinang sistemang pangkalusugan na inilarawan niya bilang hindi handa.

Sa katunayan, ang ilang bansa na matinding tinamaan ng COVID-19 death tolls ay dating hinusgahan bilang ang best-prepared para sa isang pandemya, kasama ang Estados Unidos at Britanya. Ayon sa datos ng World Health OrganizationWHO, ang bilang ng mga namatay sa Africa ay tatlong porsyento lamang ng global total.

Ginawa ng World Health OrganizationWHO ang desisyon na ibaba ang pinakamataas na lebel ng alerto, matapos pagsamahin ang isang ekspertong grupo kamakailan. Ang United NationsUN agency ay hindi nagdedeklara ng mga pandemya, ngunit unang ginamit ang terminong ito para ilarawan ang outbreak noong Marso 2020, nang kumalat ang virus sa bawat kontinente maliban sa Antarctica, matapos sabihin ng maraming ibang siyentipiko na ang pandemya ay nagsimula na. ***RCI***


APPLY TODAY - WORK TOMORROW!

We currently have openings for:
GENERAL LABOUR
PACKAGERS
ORDER PICKERS / PACKERS
MATERIAL HANDLERS
SHIPPER / RECEIVERS
CERTIFIED FORKLIFT OPERATORS




EXTRA PERSONNEL
Kipling at Taber
Between Wendys and Daisy Mart
2140 Kipling Avenue Unit 5
Toronto, ONT M9W 4K5.

7:00 a.m.-4:00 p.m.
Call our Filipino Recruiter
Alvin Rota
416-740-3959




We offer the best pay rates in the industry, long and short-term assignments, tremendous full-time employment possibilities and access to some of Canada's top employers.

Applicants must have a great work ethic, a good command of the English language and safety shoes.

EXTRA
INDUSTRIAL PERSONNEL INC.
www.extraindustrialpersonnel.com

# Canadian Artificial Intelligence (AI) lider natatakot na mag-take over ang computer



**Geoffrey Hinton**
*Artificial intelligence pioneer from British Canadian*

## *Sinabi ni Geoffrey Hinton na maaaring lipulin ng AI ang mga tao*

May panahon noon na inisip ni Geoffrey Hinton na hindi malalampasan ng artificial intelligence ang katalinuhan ng tao — at least hindi sa ating lifetime.

Ngayong mga araw na ito, hindi na siya sigurado. Sa palagay ko it's conceivable na ang uri ng advanced intelligence na ito ay maaaring mag-take over mula sa atin, sinabi ng kilalang British Canadian computer scientist kay As It Happens host Nil Köksal.

Mangangahulugan ito na katapusan na ng tao. Si Hinton ay kilala bilang grandfather ng artificial intelligence (AI), ang bansag na kanyang niyakap.

Siya at ang kanyang mga katrabaho ay tumulong idebelop ang artificial neural networks, ang teknolohiya na nasa kaibuturan ng machine learning.

Ang kanyang foundational work ang tumulong sa AI na mabilis na umabante.

Sa huling dekada, hinati niya ang kanyang karera sa pagitan ng pagtuturo sa University of Toronto at pagtatrabaho sa deep-learning artificial intelligence team ng Google.

Pero kamakailan ay inanunsyo niya ang kanyang resignation mula sa Google sa isang interbyu sa New York Times.

Ngayon nagsasalita si Hinton tungkol sa kinatatakutan niya na pinakamalaking panganib daw na bunga ng kanyang trabaho, kabilang ang paggamit ng gobyerno ng AI upang manipulahin ang eleksyon o lumikha ng mga robot na sundalo. RCI

# Canada ipinakita ang bagong pasaporte na mas moderno at secure




Ang bagong pasaporte ay magtatampok ng isang bagong disenyo at ilang makabagong security features na naglalayong mas mahusay na maiwasan ang pamemeke, sinabi ng gobyerno.

Ang henerasyon ng mga pasaporte na ito, na magsisimulang ipamahagi ngayong taon, ay sumailalim sa isang kumpletong pag-overhaul upang gawing makabago ang dokumento at mabigyan din ito ng mga karagdagang security features.

Una, ang cover page ng pasaporte ay magpapakita ng bagong disenyo, na kakaiba sa luma. Ito ang unang pagkakataon sa nakalipas na mga dekada na binago ng Canada ang cover page ng pasaporte nito.

Ang personal information page ng bagong Canadian na pasaporte ay tampok ang maple leaves at iba pang security features. Mayroong laser engraved ito upang gawing mas mahirap ang pagpeke rito.

Idinagdag ang isang kinegram sa main photo ng pasaporte upang taasan ang seguridad. Ang isang personalized transparent window na may pangalawang larawan ng passport holder ay idinagdag din sa information page na may variable laser image at characters na iprinint gamit ang temperature sensitive ink.

Ang inner pages ng pasaporte ay binago upang gawin itong mas mahirap pekein, sa mga pahinang ito ipinagdiwang din ang legasiya at pagkakakilanlan ng Canada na may mga iconic na larawan ng natural na kagandahan ng Canada sa loob ng four seasons.

Ang pasaporte na ito ay magsisimulang ipamahagi sa panahon ng tag-araw, oras na lumipas ang stocks ng mga lumang dokumento, tinukoy ni Minister Karina Gould.

Idinagdag ng mga awtoridad ng gobyerno na ang mga lumang pasaporte ay nananatiling ligtas at wasto hanggang sa mag-expire ang mga ito.

**Renewable sa Internet simula taglagas.** Inihayag din ni Minister Fraser na simula sa taglagas, ang mga Canadian ay makakapag-renew ng kanilang mga pasaporte mula sa kanilang sariling tahanan sa pamamagitan ng isang online na aplikasyon na magbibigay-daan sa kanila na kumpletuhin ang lahat ng mga papeles, mag-upload ng kanilang bagong larawan sa pasaporte at direktang magbayad ng mga fee sa website ng Gobyerno ng Canada. ***RCI***






# UN pinaghahanda ang mundo sa El Niño, bagong heat records



**Photo taken by Jaen, Nueva Ecija hit by drought as a result of El Niño**

**MANILA, Philippines** — Nagbabala ang United Nations (UN) nitong Miyerkules tungkol sa lumalaking posibilidad na magkaroon ng bagong heat records dahil sa weather phenomenon na El Niño na mararanasan sa mga susunod na buwan.

Sa ulat ng Agence France-Presse, inihayag ng World Meteorological Organization ng UN ang 60% na posibilidad na ang El Niño ay mag-develop sa katapusan ng Hulyo at mayroon ding 80% tiyansa na maganap ito sa katapusan ng Setyembre.

Ang El Niño, ayon sa ulat ay isang natural na climate pattern ng klima na karaniwang nauugnay sa pagtaas ng init at tagtuyot sa buong mundo, at malakas na pag-ulan sa ibang lugar.

Ito ay huling naganap noong 2018 hanggang 2019.

Mula 2020, ang mundo ay tinamaan ng napakahabang La Niña na kabaligtaran naman ng El Niño.

Gayunpaman, sinabi ng UN na ang huling walong taon ang pinakamainit na naitala, sa kabila ng paglamig ng epekto ng La Niña sa halos kalahati ng panahong iyon.

Sinabi ni WMO chief Petteri Taalas na ang La Niña ay nagsisilbing isang pansamantalang preno sa pandaigdigang pagtaas ng temperatura.

Sinabi rin ni Taalas na ang pagbuo ng isang El Niño ay malamang na humantong sa isang bagong spike sa pandaigdigang pag-init at tataas ang posibilidad na magkaroon ng bagong world record sa temperatura kaya kailangang magkaroon ng early warning device upang maging ligtas ang mga tao.

"**The world should prepare for the development of El Niño**," pahayag ni Taalas.

***Pilipino Star Ngayon***



# Pagpapatalsik sa Tsinong diplomat pinakita na ang Canada ay 'di matatakot: Trudeau



***Prime Minister Justin Trudeau***

Nagsalita si Trudeau tungkol sa expulsion ng isang Chinese diplomat na inakusahan ng foreign interference

Sinabi ni Prime Minister Justin Trudeau na ang desisyon ng kanyang gobyerno na patalsikin ang isang Tsinong diplomat noong Lunes ay direktang nagpadala ng mensahe sa Beijing na ang Canada ay hindi magpapasindak sa Tsina.

Binitawan ni Trudeau ang mga salitang ito isang araw matapos patalsikin ang Chinese diplomat na si Zhao Wei matapos lumutang ang isang intelligence report na inaakusahan siya ng pag-target sa pamilya ni Conservative MP Michael Chong, na naging kritikal sa pagtrato ng Tsina sa Uyghur Muslim minority.

Kailangan naming magmove forward sa isang responsableng paraan upang magpadala ng isang napakalinaw na mensahe na hindi natin tatanggapin ang panghihimasok ng dayuhan at, anuman ang mga susunod na desisyon nila, hindi tayo matatakot, ani Trudeau habang patungo sa isang meeting ng gabinete.

Sinabi ni Trudeau na ang expulsion ay nagpadala sa Tsina, at sa iba pang bansa na sinusubukang manghimasok sa domestic Canadian affairs, ng mensahe na ang Canada ay talagang sineseryoso ang foreign interference.

"Ang pagpapatalsik sa isang diplomat, ang pagdeklara sa isang foreign diplomat na persona non grata, ay isang mahalaga at seryosong hakbang," aniya.

Hindi umabot ng isang linggo upang pag-isipan ito, tingnan ang mga posibleng implikasyon, upang siguraduhin na ang ginagawa natin ay parehong ipinapakita ang katigasan ng Canada, which it does, ngunit pinapanatiling protektado ang Canadians at ang ating mga interes.

Ang gobyerno ay binatikos ng oposisyon sa sinasabi nilang mabagal na pagtugon.

Isinulat ng Canadian Security Intelligence Service (CSIS) ang isang report noong 2021 ukol sa impluwensiya ng Tsina sa Canada kasama ang impormasyon tungkol sa potensyal na banta kay Conservative MP Michael Chong at sa kanyang pamilya.

Lumitaw ang mga detalye ng Canadian Security Intelligence ServiceCSIS report noong Mayo 1, nang iulat ng The Globe and Mail na ang Tsina ay humanap ng impormasyon tungkol kay Chong at sa kanyang pamilya sa Tsina upang gawin siyang halimbawa at pigilan ang iba na manindigan laban sa gobyerno ng Tsina.

Ang hindi pinangalanan na security source ay naiulat na sinabi sa The Globe na si Zhao, na dating nakapuwesto sa konsulado ng Tsina sa Toronto, ay sinubukan umano na i-target ang pamilya ni Chong sa Tsina.

Sinabi ni Trudeau na nalaman nila ang tungkol sa intelligence report mula sa pahayagan at sinisi ang Canadian Security Intelligence ServiceCSIS dahil hindi ipinasa sa kanya ang impormasyon noong panahon na iyon. ***RCI***

# DALAWANG FILIPINO-CANADIAN TATAKBONG MAYOR SA DARATING NA HALALAN SA SUMMER

***Ulat ni Tony A. San Juan, OCT***



**Jose Baking**

*Publisher of Little Manila Confidentiall*



**William "Willie" Reodica**

*Board of Directors of the Philippine Press Club-Ontario (PPCO)*

**Mahigit 100 na kandidato ang tatakbo para maging mayor ng Toronto sa byelection na gaganapin sa Hunyo 16, at dalawang Filipino-Canadian ang nagparehistro upang sumabak na maging mayor ng lunsod.**

Ang dalawang magigiting nating kababayan na kakandidatong mayor In the alphabetical listing ay sina ***Jose Baking nasa pang-9*** at si ***William Reodica ay nasa pang- 76*** na kapwa mga taga Scarborough, Toronto, Ontario.

Affectionately called "**Joey**" by his family and friends, ***Jose Baking*** is the publisher and editor of Little Manila Confidential, a Filipino-centred monthly newspaper based in Toronto. He is a noted veteran photographer covering community events and social functions for many years. From Quezon City, Philippines, Joey studied Communication Arts at the University of Santo Tomas and was a former office clerk at Ogilvy, a creative agency network in Toronto before operating his locally circulated broadsheet. He is a Member of the Board of Directors of the Philippine Press Club-Ontario (PPCO).

***William "Willie" Reodica*** is active in the Filipino Canadian social, political, and business communities in the Greater Toronto Area. An officer of the Knights of Rizal-Canada Region, Willie is the father of the late Jeffry Reodica who was fatally shot by a Toronto police officer in 2006. A successful Ontario real estate salesperson, mortgage agent & realtor he is a Co-Founder and senior officer of the Filipino Canadian Real Estate Association ( FILCREA). A graduate of Business Marketing from the Polytechnic University of the Philippines( PUP), Reodica is the Founder and current President of the PUP Alumni Foundation of Canada. For 15 years he served as a volunteer Eucharist Minister at St. Rose Lima Parish and Scarborough Grace Hospital. Recipient of numerous business and community awards, he received recent recognition from the Filipino Centre Toronto as one of the "10 Outstanding Fil-Can Seniors" in Ontario.

When asked about his candidacy, **Reodica** said: "You may say I'm a dreamer for Mayor, but I'm not the only one". His campaign slogan is "**STP**: ***Serve The Public***, Serbisyong Taus Puso, Serving from your Heart".

**Jose Baking**, meanwhile admitted: ***"It will be a reasonable campaign to articulate the voices and interests of Toronto residents on this election."***

The mayoral aspirations of these 2 Pinoys are thought of as a real huge and personal challenge at great odds for both but profoundly, a courageous move to try the least and be seriously admired in Canadian politics. ***TSJ***

**PLEASE SHARE TO OUR FRIEND**
www.talibaNews.com

# Ligaya Fair sa British Columbia ginawang mainstream ang kulturang Pilipino

*Ligaya Fair sa British Columbia ginawang mainstream ang kulturang Pilipino*




*Consul General Arlene Magno (pangalawa mula kanan) at Consul Analyn Ratonel (pangalawa mula kaliwa) kasama sina Oscar Sanchez at Pauline Sanchez sa booth ng Dale's sa Ligaya Fair.* LITRATO: PCG - VANCOUVER

Dumalo si Consul General Arlene Magno at Consul Analyn Ratonel mula sa Philippine Consulate General sa Vancouver sa Ligaya Fair na ginanap noong Abril 30 sa Nikkei National Museum & Cultural Centre sa Burnaby, B.C.

Sa kanyang talumpati, sinabi ni Consul General Magno, na siya ay nagpapasalamat sa mga organizer dahil ginawa nilang mainstream ang kulturang Pilipino sa British Columbia at sa iba pang lugar.

Ginamit din niya ang oportunidad na ito upang hikayatin ang komunidad ng mga Pilipino na suportahan ang paglikha ng isang Filipino Cultural Centre sa Metro Vancouver, na magbibigay ng espasyo para sa komunidad na magsama-sama at ipagdiwang ang kahulugan ng pagiging Pilipino.

Inimbitahan ni Consul General Magno ang komunidad na suportahan ang Philippine team, na kinakatawan ng Blue Peacock Fireworks, na lalaban sa unang pagkakataon sa 2023 Honda Celebration of Light.

Hinikayat din niya ang mga kwalipikadong Pilipino na mag-file ng kanilang aplikasyon para sa overseas registration para sa 2025 National Elections sa Konsulado.

Ang Ligaya Fair: Music Arts and Collective, na hinost ng Tsikenstarr Productions, ay itinampok ang diverse na talento at creative expression ng mga Pilipinong artists, musicians at performers.

Ang event ay nagsilbing platform para sa Filipino Canadian businesses na ibenta ang kanilang artworks, crafts, pagkain at mga serbisyo. Ang mga food truck ng Potato Corner at Max's ay lumahok din sa event. RCI


Sebang Travel
KC TOURS
since 1983
TICO 2068276R IATA 67-697055



At Sebang Travel
We have the knowledge and experience to handle all your travel needs.

Special Fares — Philippines and Other Asian Countries

Low Fares — U.S.A/ Europe Vacation Package/ Cruise/ Pilgrimage Tours/ Hotels/ Car Rentals/ Travel Insurance

Fares — First Time Immigrants/ Contract Workers and Tourists

free Enrollment — Most Airline Mileage Program

Call us
TEL: 416.588.3333
TOLL FREE: 1.866.705.4340
travel@sebang.ca facebook.com/sebangtravel




TORONTO HEAD OFFICE
Tel: (416) 588-3333
Email: travel@sebang.ca
721 Bloor St W #102
Toronto ON M6G 1L5
TICO 2068276R

NORTHYORK
Tel 416 250 8990
5418 Yonge St #17 NorthYork ON
TICO 4334777R

MISSISSAUGA
Tel 905 366 0040
333 Dundas St E #208 Mississauga ON
TICO 50017693R

THORNHILL
Tel 905 597 5880
Toll Free 1 844 597 5880
7388 Yonge St #2C Thornhill ON
TICO 50021920

VANCOUVER
Tel 604 420 1996
327C-4501 North Rd Burnaby BC
TICO 58323

# Asian Heritage Month: Pag-alala kay Ben Flores, itinuturong unang Pinoy sa Canada



*Siyamnapu't dalawang taon na ang nakalipas mula nang pumanaw si Ben Flores noong Abril 11, 1929.*

***Sa mga panahon na matindi ang diskriminasyon at rasismo, namuhay ng tapat at masipag na imigrante ang Canadian Filipino na si Ben Flores noong 1800s hanggang sa unang kwarter ng 1900s sa Bowen Island, B.C., batay sa pagsasaliksik ni Joseph Lopez.***

Nagsimulang lumitaw ang pangalan ni Ben Flores at kumalat sa komunidad ng Canadian Filipinos sa Vancouver. Siyam na dekada na ang nakalipas mula nang siya ay pumanaw noong 1929.

Mahalaga para kay Joseph Lopez, isang Canadian Filipino sa Vancouver, B.C., ang ipaalam sa halos isang milyon na imigrante na Canadian Filipinos ang kuwento sa naging buhay ng pinaniniwalaang unang imigrante na Pilipino sa Canada batay sa rekord.

I think **Ben Flores represents many things Filipino**, sabi ni Lopez. We should remember Benson who work his way. He was not dependent on government support if there was any of [it] that time. He worked hard. He was independent. Mabait siya ... friendly. He catched crabs and throw some of those crabs to his neighbours. Everybody liked him as mentioned by somebody who talked about him. He died with money and helped others who borrowed money [from him].

Sa nakuhang dokumento ni Lopez mula sa rekord ng census sa Archives Canada, transkripsyon sa audio recording, at kopya sa sertipiko ng kanyang ikinamatay sinilip ni Lopez ang naging buhay noon ni Ben Flores.

Makikita sa rekord, siya ang tao na palakaibigan, may integridad. At nag-iwan 'yan ng impressions sa mga locals doon na isang mabait na tao. Isang representasyon ng mga Pilipino doon. Kaya kinakatawan niya tayo sa mga panahong 'yun, ani Lopez. Sa paraan niya, kanyang sinimulan ang magandang imahe para sa mga Pilipino sa maliit na paraan - sa Bowen Island at bahagi ng Vancouver.

Kinumpirma sa naturang koleksyon na nakatira si Flores sa isla nang dumating galing Inglatera sina Sarah at Jacob Dorman noong 1890.

Makikita sa rekord, siya ang tao na palakaibigan, may integridad. At nag-iwan 'yan ng impressions sa mga locals doon na isang mabait na tao. Isang representasyon ng mga Pilipino doon. Kaya kinakatawan niya tayo sa mga panahong 'yun, ani Lopez. Sa paraan niya, kanyang sinimulan ang magandang imahe para sa mga Pilipino sa maliit na paraan - sa Bowen Island at bahagi ng Vancouver.

Kinumpirma sa naturang koleksyon na nakatira si Flores sa isla nang dumating galing Inglatera sina Sarah at Jacob Dorman noong 1890. ***RCI***



***Joseph Lopez** ang nagtiygang nagsaliksik sa buhay ni Ben Flores*

# De Lima abswelto sa 2nd drug case



*Pinawalang sala ng Muntinlupa City Regional Trial Court Branch 204 si datingSenador Leila De Lima sa ikalawa niyang drug case. Isang kaso na lang ang kanyang kinakaharap at naghihintay ng resolution para makapagpiyansa sa RTC Branch 256.*

**MANILA -** Inabswelto ng Muntinlupa Regional Trial Court Branch 204 si dating Senador Leila de Lima sa ikalawang kasong iligal na droga.

Ayon kay Attorney Filibon Tacardon, abogado ni De Lima, acquitted ang dating senadora.

Una nang napawalang-sala si De Lima sa isang kaso noong 2021 habang nakabinbin ang isa pang drug case nito.

Taong 2017 pa nakakulong si De Lima sa Camp Crame, Quezon City matapos akusahan na tumanggap ng drug money sa illegal drug trade sa New Bilibid Prison noong siya pa ang kalihim ng Department of Justice.

Sa nasabing korte noong nakaraang taon ay binawi ni ex-Bureau of Corrections officer in charge Rafael Ragos ang kanyang claim na ¬naghatid siya ng drug money sa senadora noong 2012, at sinabing pinilit lang siya ni dating Justice Secretary Vitaliano Aguirre II na akusahan.

Paliwanag ni Atty. Tacardon, walang nakitang ebidensiya ang pro¬sekusyon na mag-uugnay kay De Lima at driver nitong si Ronnie Dayan sa sinasabing illegal drug trading.

Ang pagbawi aniya ni Ragos sa salaysay sa korte ang naging dahilan upang mawalan na ng tuluyan ang basehan ng akusasyon at nagkaroon ng reasonable doubt.

"That's already two cases down, and one more to go. I am of course happy that with this second acquittal in the three cases filed against me, my release from more than six years of persecution draws nearer. I am extremely grateful to all those who stood by and prayed for me all these years," aniya.

Umaasa rin ang kampo ni De Lima na mana¬naig ang hustisya at ang bail petition ay mapagbibigyan ng Muntinlupa RTC Branch 256, sa isa pang nakabinbing kaso kaugnay pa rin sa illegal drug trading sa Bilibid.

***Pilipino Star Ngayon***



## JOKES OnLEE

**Q:** *Bakit maswerte ang kalendaryo?*

**A: Dahil marami siyang date.**

**Q:** *Bakit malungkot ang kalendaryo?*

**A: Kasi bilang na ang araw niya.**

**Q:** ***Bakit madaling timbangin ang mga isda?***

**A: Kasi may sarili silang SCALES!**

**Q:** ***Ano ang maraming sakay, jeep o ambulansya?***

**A: Syempre ang ambulansya! Kasi, ang jeep ay 10-10 lang ang bawat side samantalang sa ambulansya, madalas na 50-50 ang sakay.**

**John:** *Dad, there's a girl i like. She's beautiful. I want to go out with her.*

**Dad:** Who?

**John:** *The girl across our street, Nina.*

**Dad:** ***Oh no, you can't. Don't tell Mom but she's your sister.***

---

It is common in the Philippines for families to live in one-bedroom homes.

One night a couple wanted to make love, and so they had their child look the window. As the couple made love, the child continued to look out the window without turning around.

When the couple was done, the father asked the child ***"so, what did you see out the window?"***

The child replied **"the neighbors were making love too."**

Confused, the father asked **"how could you tell?"**

The child answered ***"their kid was looking at me from their window too."***

# Canada nais makakuha ng puwesto sa UN Human Rights Council



**MÉLANIE JOLY**
*Foreign Affairs Minister ng Canada*

**Nais ng Canada na makakuha ng puwesto sa United Nations (UN) Human Rights Council, nangako na isusulong ang mga isyu mula online speech hanggang access sa abortion.**

Hindi tayo maaaring tumayo nang walang ginagawa, sumisigaw lamang mula sa tabi, sinasabi basically na mayroon tayong kailangang gawin, na hindi itinataas ang ating mga manggas at nakikisali.

Ang Canada ay tumatakbo para sa isang puwesto sa council mula 2028 hanggang 2030, sa pamamagitan ng botohan na malamang ay magaganap sa 2026.

Iniimbestigahan ng council ang diumano'y paglabag sa mga karapatang pantao sa mga estado ng UN, na ginawa ng mga gobyerno o societal actors. Nag-iisyu rin ito ng mga ulat tungkol sa mga isyu ng karapatang pantao sa kabuuan, tulad ng nagpapatuloy na crackdown ng Iran sa mga karapatan ng mga kababaihan.

Sinabi ni Joly na ang Canada ay hina-highlight ang anim na pangunahing prayoridad sa pagtakbo nito, kabilang ang pagpapanagot sa mga estado na ikinulong ang mga human-right activist.

Ang pag-abante sa pagkakapantay-pantay ng kasarian, mga karapatan ng LGBTQ, sekswal na kalusugan at reproductive rights ay magiging pokus din ng candidacy ng Canada.

Plano ng Canada na gayahin ang pokus ng gobyerno ni Harper sa kalayaan sa mga relihiyosong paniniwala, habang itinatali ito sa anti-racism programs at pagsulong sa muling pagkakasundo sa Indigenous Peoples sa buong mundo.

Sa ngayon, nag-anunsyo rin ang Greece na tatakbo para sa isa sa tatlong spots na magiging available para sa mga bansa na nakaupo sa isang grupo ng 28 kasama ang Canada, Western Europe, Australia at New Zealand.

Noong 2020, natalo ang gobyerno ni Trudeau sa pagtakbo nito sa UN Security Council matapos ang mahabang panahon na pagtulak upang muling makasali sa body.

Iminungkahi ni Joly na ang kanyang partido ay kumuha ng mga aral mula sa pagkatalo na iyon, naglaan ng longer-term effort sa pagtakbo na ito at nagkaroon ng mas visible na presensya sa UN bodies.

Natutunan namin na kailangan magbigay ng sapat na oras at tiyakin na nagpapakita kami at mayroon kaming malakas na boses sa loob ng UN at sa loob ng buong multilateral system.

Huling umupo ang Canada sa Human Rights Council mula 2006 hanggang 2009. ***RCI***

# 75K Pinoy seaman, kukunin ng US firms



**MANILA, Philippines — Kukuha ng 75,000 Filipino seafarers sa susunod na tatlo hanggang apat na taon ang mga kumpanya sa Estados Unidos.**

**Sinabi ito ni Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr. sa Washington DC matapos makipagpulong kay John Padget, presidente at CEO ng Carnival Corp.**

**Ayon kay Padget, ang hospitality at competitiveness sa global workforce ang dahilan kaya pinili nila ang mga Filipino seafarers.**

**Nabatid na si Padget ay kumakatawan din sa mga kompanyang Carnival Cruise Line, Holland American Airlines at Seaborn.**

**"It doesn't matter whether it's the marine, deck, hospitality, restaurant…everything is based on the happiness, the smile, and the greatness of the Filipino employees," pahayag ni Padget.**

**Sa naturang pagpupulong, iprinisinta ni Department of Migrant Workers (DMW) Sec. Susan Ople kay Pangulong Marcos na kumuha na ang naturang kompanya ng 200,000 manggagawa.**

**Pagbibida ni Ople, sumusunod ang mga manggagawang Filipino sa patas at ethical ¬standards at mga prinsipyo.**

**Pinasalamatan naman ni Marcos ang US employers sa patuloy na pagtitiwala sa mga Filipino professionals at skilled workers.**

**Ang mga Pilipino ay kumakatawan sa ikaapat na pinakamalaking immigrant group sa Amerika pagkatapos ng mga Mexican, Indian, at Chinese. May mahigit sa apat na milyong Pilipinong immigrants, na ang iba ay temporary at ang iba ay permanent.**

**Sinabi ng Malacañang na sa pamamagitan ng kanilang mga remittances, ang mga manggagawang Pilipino ay nag-aambag sa pag-unlad ng ekonomiya ng US at Pilipinas sa kanilang mga kasanayan, talento, at kadalubhasaan.**
***Pilipino Star Ngayon***


## TALIBA/Flipz Media
***(Magazine & Social Media Services)***

We reserve the right to refuse sexist, racist or otherwise offensive advertising. Information has been obtained by Taliba Newspaper Canada Ltd / Flipz Media from sources believed to be reliable. However, because of the possibility of human or mechanical error by our sources, the publisher and its research staff can not guarantee the accuracy, adequacy, or completeness of any information and is not responsible for any errors or omissions or the results obtained from use of such information. The views expressed in TALIBA are those of the writers/contributors and do not represent the opinions of the editors and / or the publisher. Statements made in advertisements printed, inserted or attached to TALIBA are not endorsed in any manner whatsoever. Most texts and photos in this issue are from reliable sources gathered by our research team and staff. TALIBA/ FLIPZ MEDIA aims to strenghten the mind, body and spirit of our readers so that they may have realistic views of life and be able to cope with daily problems. We are non-political, non-religious, non-partisan, non-competitive and non-racial. We stand for truth, justice, equality and fraternity. We intend to make a difference.

***"Bringing your products & services at the forefront of digital industry."***

**ABOUT:** While maintaining a politically neutral position, it will promote positive views about Canadian cultures and heritage. Media hub that merges Filipinos to other cultures through culinary ideas, music, entertainment, business and current affairs. Provides helpful information for new immigrants concerning employment, government assistance etc. The magazine will help entrepreneurs promote their services, as well as artists showcase their talents. The magazine will provide point of contact information concerning government programs, business start-up, talent hub and charities.

**SERVICES:** Provide magazine and online social media presence while promoting business services and talents. Provide photography/ videography services for social events, weddings, portraits and starting modelling portfolio. Provide advertisement design layout including photography service for promotional purposes. Provide website design and web hosting businesses.

Advertise at **www.talibaflipzmedia.com** *or CALL* ***416-989-7336***
P.O. Box 73066 / 2300 Lawrence Ave. E. Toronto, ONT M1P 2R2




# Mental na Kalusugan—Tulong Mula sa Bibliya

## Problema sa mental na kalusugan

- Hindi ito dahil sa personal na kahinaan.
- Isa itong medikal na kondisyon na nagdudulot ng sobrang pag-aalala, at binabago nito ang pag-iisip, emosyon, at paggawi ng isang tao.
- Kadalasan nang nagiging dahilan ito kung kaya mahirap para sa isang tao na makitungo sa iba at harapin ang mga hamon sa buhay.
- Puwede itong makaapekto sa isang tao anuman ang kaniyang edad, kultura, lahi, relihiyon, pinag-aralan, o kalagayan sa buhay.
- kailangan ninyong magpatingin sa doktor para malaman ang sanhi nito at matulungan.
- Sinabi ni Jesu-Kristo, ang pinakamatalinong tao na nabuhay kailanman: "Ang malulusog ay hindi nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga maysakit." (Mateo 9:12) Maraming maysakit na tumanggap ng tamang therapy at paggamot ang natulungang mabawasan ang sintomas ng kanilang sakit at magkaroon ng masaya at makabuluhang buhay. Kung malala na o nagtatagal ang mga sintomas, makakabuting magpagamot agad.




Higit sa lahat, tinitiyak sa atin ng Bibliya na wala nang mas nakakaintindi sa ating iniisip at nararamdaman kaysa sa **ating Maylalang, ang Diyos na Jehova. a Gustong-gusto niya tayong tulungang makayanan ang mga problema natin. Tingnan natin ang dalawang nakakapagpatibay na teksto sa Bibliya:**

**"Si Jehova ay malapit sa mga may pusong nasasaktan; inililigtas niya ang mga nasisiraan ng loob."—AWIT 34:18.**

**"Ako, si Jehova na iyong Diyos, ay nakahawak sa kanang kamay mo, ang nagsasabi sa iyo, 'Huwag kang matakot. Tutulungan kita.'"—ISAIAS 41:13.**

# Manalangin - 'Ihagis Ninyo sa Kaniya ang Lahat ng Inyong Álalahanín'

SINASABI NG BIBLIYA: 'Ihagis ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong álalahanín, dahil nagmamalasakit siya sa inyo.'—1 PEDRO 5:7.

### Ibig Sabihin

Gusto ng Diyos na Jehova na sabihin natin sa kaniya ang anumang problema na gumugulo sa isip at puso natin. (Awit 55:22) Malaki man o maliit ang problema, puwede natin itong ipanalangin. Kung malaking bagay ito sa atin, malaking bagay rin ito kay Jehova. Ang panalangin ay isang mahalagang paraan para magkaroon ng kapayapaan ng isip.—Filipos 4:6, 7.

### Kung Paano Ito Makakatulong

Kapag may problema tayo sa mental na kalusugan, baka maramdaman nating nag-iisa tayo. Hindi laging

naiintindihan ng ibang tao ang pinagdaraanan natin. (Kawikaan 14:10) Pero kapag sinasabi natin sa Diyos ang nararamdaman natin, siguradong papakinggan niya tayo at maiintindihan niya tayo. Nakikita tayo ni Jehova. Alam niya ang pinagdaraanan natin at gusto niyang sabihin natin sa kaniya ang anumang ikinababahala natin.—2 Cronica 6:29, 30.

Kapag nananalangin tayo kay Jehova, mas nararamdaman nating nagmamalasakit siya sa atin. Mararamdaman din natin ang naramdaman ng salmista: "Nakita mo ang pagdurusa ko; alam mo ang paghihirap ng kalooban ko." (Awit 31:7) Dahil alam nating nakikita ni Jehova ang mga pinagdaraanan natin, malaking tulong na iyon para makayanan ang mga problema. Pero hindi lang iyan. Wala nang mas nakakaunawa sa atin kaysa kay Jehova, at pinapatibay niya tayo sa pamamagitan ng Bibliya.

# Paano Ka Mananalangin Para Pakinggan Ka ng Diyos?



*"Ibuhos ninyo sa kaniya ang laman ng puso ninyo."* - AWIT 62:8

Si Jehova ang Diyos na "Dumirinig ng panalangin." (Awit 65:2) Puwede natin siyang kausapin kahit saan at kahit kailan, malakas man ito o hindi. Gusto ni Jehova na tawagin natin siyang "Ama," at siya talaga ang pinakamabuting Ama para sa atin. (Mateo 6:9) Mahal tayo ni Jehova kaya tinuruan niya tayo kung paano dapat manalangin.

## MANALANGIN SA DIYOS NA JEHOVA SA PANGALAN NI JESUS

"Kung hihingi kayo sa Ama ng anuman, ibibigay niya iyon sa inyo sa pangalan ko."—Juan 16:23.

Malinaw ang sinabing iyan ni Jesus. Gusto ni Jehova na manalangin tayo, hindi sa pamamagitan ng mga imahen, santo, anghel, o sa mga ninuno, kundi sa pangalan ni Jesu-Kristo. Kapag nananalangin tayo sa Diyos sa pangalan ni Jesus, ipinapakita natin na pinapahalagahan natin ang ginawa ni Jesus para sa atin. "Walang sinumang makalalapit sa Ama kundi sa pamamagitan ko," ang sabi ni Jesus.—Juan 14:6.

## MANALANGIN MULA SA PUSO

**"Ibuhos ninyo sa kaniya ang laman ng puso ninyo."—Awit 62:8.**

Kapag mananalangin tayo kay Jehova, makipag-usap sa kaniya na parang nakikipag-usap sa isang maibiging ama. Imbes na basahin o sabihin ang isang kabisadong panalangin, dapat tayong makipag-usap sa kaniya nang may paggalang at mula sa puso.

## MANALANGIN AYON SA KALOOBAN NG DIYOS

"Anuman ang hingin natin ayon sa kalooban niya ay ibibigay niya."—1 Juan 5:14.

Mababasa sa Bibliya kung ano ang gagawin ng Diyos na Jehova para sa atin at kung ano ang dapat nating gawin para sa kaniya. Para pakinggan ng Diyos ang mga panalangin natin, dapat tayong manalangin "ayon sa kalooban niya." Kailangan nating mag-aral ng Bibliya para makilala siya. Kung gagawin natin iyon, matutuwa ang Diyos na pakinggan ang mga panalangin natin.

## ANO ANG PUWEDE NATING IPANALANGIN?

**Ipanalangin ang mga Pangangailangan Mo. Puwede nating ipanalangin sa Diyos ang mga kailangan natin—pagkain, damit, at tirahan. Puwede rin tayong humingi ng karunungan para makapagpasiya tayo nang tama, at ng lakas para makayanan natin ang mga problema. Puwede nating ipanalangin sa Diyos na magkaroon tayo ng pananampalataya, na patawarin tayo, at na tulungan niya tayo.—Lucas 11:3, 4, 13; Santiago 1:5, 17.**

## Ipanalangin ang Iba



Natutuwa ang mga magulang kapag nakikita niyang nagmamahalan ang mga anak niya. Iyan din ang gusto ni Jehova na gawin ng mga tao. Kaya tama lang na ipanalangin mo ang asawa mo, ang mga anak, kapamilya, at kaibigan mo. Isinulat ng alagad na si Santiago: "Ipanalangin ninyo ang isa't isa."—Santiago 5:16.

# Magpasalamat



Tungkol sa ating Maylalang, sinasabi ng Bibliya: "Gumawa siya ng mabuti at binigyan kayo ng ulan mula sa langit at mabubungang panahon at saganang pagkain, at pinasaya niya nang lubos ang puso ninyo." (Gawa 14:17) Kung iisipin natin ang lahat ng ginawa ng Diyos para sa atin, mapapakilos tayo nito na pasalamatan siya sa panalangin. At maipapakita natin na talagang nagpapasalamat tayo sa kaniya kung susundin natin siya.—Colosas 3:15.

# MAGHINTAY AT LAGING MANALANGIN

Minsan, baka nalulungkot tayo kasi parang hindi agad sinasagot ang mga panalangin natin kahit mula ito sa puso. Ibig bang sabihin, walang pakialam ang Diyos sa atin? Hindi! Pansinin ang mga karanasan na nagpapakita na minsan, kailangan lang nating magpatuloy sa pananalangin.

Inamin ni Steve, na nabanggit kanina: "Kung 'di dahil sa panalangin, nawalan na ako ng pag-asa na maging masaya." Ano ang nakatulong kay Steve? Nag-aral siya ng Bibliya at natutuhan niya na mahalagang manalangin at patuloy na gawin iyon. "Nagpasalamat ako sa Diyos sa panalangin dahil sa suporta na natanggap ko mula sa mga kaibigan ko," ang sabi ni Steve. "Talagang napakasaya ko na ngayon."

Kumusta naman si Jenny na nakaramdam na hindi karapat-dapat pakinggan ng Diyos ang mga panalangin niya? Sinabi niya: "No'ng panahong nararamdaman ko na wala akong silbi, humingi ako ng tulong sa Diyos para maintindihan ko ang nararamdaman ko." Paano iyon nakatulong sa kaniya? " Nakatulong sa akin ang pakikipag-usap sa Diyos na magkaroon ng tamang pananaw sa sarili—na kahit hinahatulan ko ang sarili ko, hindi ako hinahatulan ng Diyos. Natulungan din ako nito na huwag sumuko at magpatuloy sa buhay." Ang resulta? "Dahil sa panalangin, nakita ko na si Jehova ay isang tunay, mapagmahal, at mapagmalasakit na Diyos, Ama, at Kaibigan. Lagi siyang nandiyan at handang tumulong hangga't ginagawa ko ang mga bagay na gusto niya."



"Na-realize ko na si Gerard ang sagot sa mga panalangin ko," ang sabi ni Isabel habang nakikita niya ang anak niyang si Gerard na nag-e-enjoy sa buhay

kahit may kapansanan ito

Ano naman ang nangyari kay Isabel? Nang mabuntis siya, sinabi ng doktor na may kapansanan ang magiging anak niya. Parang gumuho ang mundo niya. May mga nagpayo pa nga sa kaniya na ipalaglag na ang bata. "Parang hindi ko na kaya ang bigat at sakit na nararamdaman ko." Ano ang ginawa niya? "Paulit-ulit akong nanalangin para tulungan ako ng Diyos," ang sabi niya. Ipinanganak ni Isabel si Gerard, at mayroon itong kapansanan. Naramdaman ba ni Isabel na sinagot ng Diyos ang panalangin niya? Oo! Pero paano? "Kapag nakikita ko ang anak ko, na 14-na-taóng gulang na ngayon, at nag-e-enjoy sa buhay kahit may kapansanan siya," ang sabi ni Isabel, "na-realize ko na si Gerard ang sagot sa mga panalangin ko. Siya ang pinakamagandang regalo ng Diyos na Jehova para sa akin."

Dahil sa mga karanasang ito, malinaw na totoo ang sinasabi ng salmista: "Pakikinggan mo ang kahilingan ng maaamo, O Jehova. Patatatagin mo ang puso nila at pakikinggan silang mabuti." (Awit 10:17) Napakagandang dahilan para patuloy tayong manalangin!

Mababasa sa Bibliya ang maraming panalangin ni Jesus. Ang pinakakilaláng panalangin niya ay ang itinuro niya sa kaniyang mga alagad. Ano ang matututuhan natin sa panalanging ito?

**"Pakikinggan mo ang kahilingan ng maaamo, O Jehova. Patatatagin mo ang puso nila at pakikinggan silang mabuti."**

**(Awit 10:17)**

# Isang Bagay na Mas Mahalaga Kaysa sa Ating Buhay Ngayon

***Ayon sa salaysay ni Murat Ibatullin***

Noong 1987, ipinadala ako ng Russian Ministry of Health sa Uganda, Aprika. Pumayag akong maglingkod doon bilang doktor sa loob ng apat na taon. Ang totoo, ayaw ko na sanang bumalik sa Russia dahil gusto kong magkaroon ng higit pang karanasan para makapaglingkod sa Australia, Canada, o Estados Unidos ng Amerika. Pero noong 1991, nagbago ang mga plano ko at bumalik ako sa Russia. Hayaan ninyong ikuwento ko kung bakit.

ISINILANG ako noong 1953 sa lunsod ng Kazan', ang kabisera ng Republika ng Tatarstan sa gitna ng Russia. Ang mga magulang ko ay Tatar. Karamihan ng mga Tatar ay Muslim. Noong bata pa ako, nakikita ko ang lolo't lola ko na lumuluhod at nagdarasal kay Allah. Sinasabi sa amin ng mga kapatid ni Nanay, pati na nina Tatay at Nanay, na umalis kami sa kanilang silid at huwag silang istorbohin. Kinikindatan kami ng mga magulang ko dahil nahihiya sila. Komunista na kasi sila noon at nag-aangking mga ateista.

Noong ako'y apat na taóng gulang, naging biktima ako ng huling epidemya ng polio sa Unyong Sobyet. Kaya noong bata pa ako, pabalik-balik ako sa mga ospital at sanatorium para magpa-check-up. Natatandaan kong nagdarasal si Lolo para gumaling ako. Gusto kong maging gaya ng ibang bata, kaya kahit may diperensiya ang isa kong binti, naglalaro pa rin ako ng soccer, hockey, at iba pang isport.

Noong lumalaki na ako, gusto kong maging doktor. Hindi ako relihiyoso, pero hindi naman ako ateista. Hindi ko lang talaga naiisip ang tungkol sa Diyos. Ayoko sa ideolohiya ng mga Komunista kaya madalas akong makipagtalo sa aking tatay at tiyuhin. Nagtuturo



ng pilosopiya ang tiyuhin ko sa isang unibersidad. Nagtatrabaho naman si Tatay sa State Security Committee, na kilala bilang KGB. Nang matapos ko ang pagdodoktor, gusto ko namang maging isang mahusay na neurosurgeon at mangibang-bansa.

## Paghahanap ng Magandang Buhay

Noong 1984, natapos ko ang aking doctoral dissertation may kinalaman sa diyagnosis ng mga tumor sa utak. Pagkatapos, noong 1987, ipinadala ako sa isang ospital sa Mulago, na nasa magandang bansa ng Uganda. Kasama ko ang aking asawang si Dilbar, at ang aming mga anak na sina Rustem at Alisa, edad pito at apat noon. Mahirap ang trabaho ko sa ospital, kasama na rito ang pag-oopera sa mga pasyenteng may HIV. Madalas din akong pumunta sa iba't ibang klinika sa buong bansa. Dalawa lang kasi ang neurosurgeon sa buong Uganda.

Isang araw, sa kauna-unahang pagkakataon, nakakita kami ni Dilbar ng Bibliyang Ruso sa isang tindahan ng aklat. Bumili kami ng ilang kopya para ipadala sa mga kaibigan namin sa Unyong Sobyet. Mahirap kasing bumili roon ng Bibliya. Ilang kabanata rin ang nabasa namin pero dahil mahirap maintindihan, itinigil namin ang pagbabasa nito.

Sa loob ng tatlong taon, pumunta kami sa iba't ibang simbahan sa Uganda. Gusto naming malaman kung ano ang paniniwala ng mga tagaroon at kung ano ang pakinabang nila rito. Pinag-aralan ko rin ang Koran sa orihinal na wika nito. Sa katunayan, nag-aral kami ni Rustem ng wikang Arabe. Sa loob lang ng ilang buwan, kaya na naming magsalita nito sa pang-araw-araw na usapan.

Noong panahong iyon, nakilala namin ang mga misyonerong nagtuturo ng Bibliya na sina Heinz at Marianne Wertholz, na mula sa Alemanya at Austria. Sa simula, hindi namin pinag-usapan ang relihiyon. Katulad lang din kami ng ibang mga Europeo na nagkakakilala sa Aprika. Tinanong namin sila kung bakit sila nasa Uganda. Sila pala ay mga Saksi ni Jehova, at naroon sila para tulungan ang mga tao na mag-aral ng Bibliya.

Naalaala ko na noong pumapasok pa ako sa isang klase sa pilosopiya sa unibersidad sa Russia, sinabihan kami na ang mga Saksi ay isang sekta na naghahain ng mga anak at umiinom ng dugo ng mga ito. Sinabi ko ang tungkol dito kina Heinz at Marianne dahil sigurado akong hindi sila sang-ayon sa gawaing ito. Pareho kaming tumanggap ni Dilbar ng aklat na Maaari Kayong Mabuhay Magpakailanman sa Paraiso sa Lupa. Halos matapos namin ang aklat sa loob lang ng ilang oras. Nang huminto ako sa pagbabasa, tinanong ko si Dilbar kung ano ang masasabi niya. Tuwang-tuwa raw siya sa kaniyang nababasa at

**tumitindig pa nga ang kaniyang balahibo! Sinabi ko sa kaniya na ganoon din ang nararamdaman ko.**

**Mula noon, sabik kaming makausap uli sina Heinz at Marianne. Nang magkita-kita kami, marami kaming paksang pinag-usapan. Talagang tumagos sa aming puso ang mga natututuhan namin sa Bibliya. Ipinakipag-usap namin ang mga ito sa aming mga kaibigan at katrabaho. Ang ilan sa kanila ay ang embahador ng Russia, mga konsul ng Russia at ibang mga bansa, at isang kinatawan ng Vatican. Nagulat kami nang sabihin ng kinatawan ng Vatican na "alamat lang" ang Lumang Tipan.**



**Murat Ibatullin, MD, PhD**

*Assistant Professor of Neurosurgery and Radiology*

### Pagbalik sa Russia

Isang buwan bago kami bumalik sa Russia noong 1991, nagpasiya kami ni Dilbar na maging mga Saksi ni Jehova. Naisip namin na pagbalik sa Kazan', dadalo kami agad ng mga pulong. Pero nagulat kami na sa loob ng tatlong buwan, bukod sa wala kaming makitang Kingdom Hall, wala rin kaming matagpuang mga Saksi! Kaya ipinasiya naming magbahay-bahay, gaya ng ginagawa ng mga Saksi ni Jehova sa buong daigdig, kahit kaming dalawa lang. Dahil dito, napasimulan naming turuan sa Bibliya ang ilang tao, kasama na ang isang babae na nang maglaon ay naging Saksi.

Pagkatapos nito, dinalaw kami ng isang may-edad nang Saksi na nakatanggap ng aming adres mula sa mga Saksi sa Uganda. Nagsimula kaming dumalo sa pulong ng isang grupo ng 15 katao sa isang maliit na apartment. May komunikasyon pa rin kami kina Heinz at Marianne. Pumunta pa nga sila sa Kazan' para bisitahin kami. Nang maglaon, kami naman ang bumisita sa kanila sa Bulgaria, ang sumunod nilang atas bilang mga misyonero. Doon pa rin sila naglilingkod hanggang ngayon.

### Naging Mabunga ang Gawain sa Russia

Sinasamantala ko ang lahat ng pagkakataon para ibahagi ang katotohanan sa Bibliya sa mga nagtatrabaho sa mga ospital na pinapasukan ko sa Russia. Marami rin ang naging mga Saksi ni Jehova, kabilang na ang ilang medical staff. Noong 1992, isang taon pagkabalik namin sa Russia, 45 na ang Saksi sa Kazan'; at nang sumunod na taon, mahigit 100 na. Sa ngayon, mayroon nang pitong kongregasyon ng mga Saksi sa Kazan'—lima sa wikang Ruso, isa sa Tatar, at isa sa wikang pasenyas. Mayroon ding mga grupo sa wikang Armeniano at Ingles.

Noong 1993, dumalo ako sa isang medical conference sa New York City, at nagkaroon ako ng pagkakataong pumunta sa punong-tanggapan ng mga Saksi ni Jehova sa Brooklyn. Nakilala ko si Lloyd Barry, na tumutulong sa pag-oorganisa ng gawaing pangangaral ng mga Saksi ni Jehova sa buong daigdig. Kahit na abalang-abala siya, naglaan siya ng oras para makausap ako.

Pinag-usapan namin na kailangan ng mga literatura sa Bibliya sa wikang Tatar. Pagkalipas ng ilang taon, bumuo sa Russia ng isang team na magsasalin sa wikang ito, kaya nagkaroon na ng mga literatura sa wikang Tatar. Tuwang-tuwa kami nang regular na kaming nakatatanggap ng magasing Ang Bantayan, na dinisenyo para sa pag-aaral ng Bibliya! Di-nagtagal, nabuo ang isang kongregasyon sa wikang Tatar.

### Pag-oopera Nang Walang Dugo

Sinusunod ko ang lahat ng kautusan ng Diyos sa moralidad, kasama na ang mababasa sa Gawa 15:20 na nag-uutos sa mga lingkod ng Diyos na "umiwas . . . sa dugo." Idinagdag pa ng talata 29 na ang mga lingkod ng Diyos ay dapat na "patuloy na umiwas sa mga bagay na inihain sa mga idolo at sa dugo at sa mga bagay na binigti at sa pakikiapid."

Kaya naman kapag nagpapagamot ang mga Saksi ni Jehova, hinihiling nila sa mga doktor na igalang ang kanilang pasiya na huwag magpasalin ng dugo. May panahong naging miyembro ako ng Hospital Liaison Committee ng mga Saksi sa Kazan'.a Noong 1997, kinontak kami ng ina ng isang-taóng-gulang na si Pavel mula sa lunsod ng Novosibirsk. Kailangang maoperahan agad si Pavel. Nang panahong iyon, iilan lang ang doktor sa Russia na pumapayag na mag-opera nang walang dugo. Tinulungan namin silang maghanap ng doktor na papayag sa ganitong kaayusan.

Di-nagtagal, nakakita kami ng isang ospital sa Kazan' na may mga doktor na pumayag mag-opera kay Pavel. Noong Marso 31, 1997, matagumpay na naoperahan nang walang pagsasalin ng dugo si Pavel mula sa kaniyang sakit sa puso na tinatawag na tetralogy of Fallot. Noong Abril 3, iniulat ng pahayagang Vechernyaya Kazan: "Nasa mabuting kalagayan na ang sanggol at hindi na niya kailangan ang mga gamot sa puso. Nakahinga na ulit nang maluwag ang ina ni Pavlik [palayaw ni Pavel] pagkalipas ng labing-isang buwan." Mabilis na gumaling si Pavel at sa pasilyo ng ospital siya natutong maglakad.

Malusog na ngayon si Pavel at namumuhay nang normal. Mahilig siyang lumangoy, mag-ice skating, at maglaro ng soccer. Nasa ikawalong grado na siya sa paaralan. Siya at ang kaniyang ina ay miyembro ng kongregasyon ng mga Saksi ni Jehova sa lunsod ng Novosibirsk. Bukod kay Pavel, ilang Saksi ni Jehova rin na may sakit sa puso ang matagumpay na naoperahan nang walang dugo sa ospital na iyon. Patuloy na sumusulong ang larangan ng medisina sa Tatarstan, at naging pangkaraniwan dito ang pag-oopera nang walang dugo.

### Ang Trabaho Ko Ngayon

Kaming mag-asawa, pati na ang ibang Saksi, ay nagtatrabaho sa isang klinika na gumagamit ng mga high-tech na pamamaraan ng paggamot sa mga may diperensiya sa puso at nervous system. Tumutulong kami sa iba't ibang operasyon, lalo na sa mga pasyenteng ayaw magpasalin ng dugo. Nagtatrabaho ako bilang neuroradiologist, at pinalalawak ko pa ang kaalaman ko sa noninvasive bloodless neurosurgery. Bilang isang propesor sa Department of Neurology and Neurosurgery sa Kazan' State Medical University, naglelektyur ako sa mga estudyante at doktor at tinutulungan ko silang makita ang mga bentaha ng paggamot nang walang dugo.b

Nagtatrabaho rin si Dilbar sa ospital bilang espesyalista sa ultrasound. Nasisiyahan kami sa aming trabaho dahil nakatutulong kami sa mga tao. Pero mas nasisiyahan kaming makita kung paano pinagagaling ng mga katotohanan sa Bibliya ang mga tao mula sa kanilang sakit sa espirituwal. Maligaya kaming sabihin sa mga tao na malapit nang matupad ang pangako ng Diyos na "walang sinumang tumatahan ang magsasabi: **'Ako ay may sakit.'"—Isaias 33:24.**

**www.jw.org**

PLEASE SHARE TO OUR FRIEND
www.talibaNews.com


We continue to help Filipino families through challenging times.
At every Arbor location, we're here to serve. Our devoted funeral and cemetery professionals are dedicated to assisting with your immediate lamay needs or advance planning.
We're deeply committed to the well-being of our guests and staff. Safety measures are in place, including live-streaming for gatherings, and consultations available in person, by phone and online.
Contact your nearest location to know more.
Arbor Memorial
Brampton Funeral Home & Cemetery 10061 Chinguacousy Rd. Brampton, ON 365-544-2696
Burlington Memorial Gardens 3353 Guelph Line Burlington, ON Tara Mae Rusin 647-955-9265
Glen Oaks Funeral Home & Cemetery 3164 Ninth Line, Oakville, ON Eloisa Ramos 647-362-0958
Glenview Memorial Gardens 7541 Hwy #50 Woodbridge, ON 647-362-1068
Highland Hills Funeral Home & Cemetery 12492 Woodbine Ave. Gormley, ON 647-362-1165
Highland Memory Gardens 33 Memory Gardens Lane Willowdale, ON 647-362-1824
Highland Funeral Home-Scarborough Chapel 3280 Sheppard Ave. E. Scarborough, ON 647-362-1670
Highland Funeral Home-Markham Chapel 10 Cachet Woods Court Markham, ON 647-955-4825
Pine Ridge Memorial Gardens 541 Taunton Rd. W., Ajax, ON Jacqueline Tayag 647-559-2519
Resthaven Memorial Gardens 2700 Kingston Rd., Scarborough, ON Maria Lilian Arenas 647-955-4809
arborfilipino.ca
Arbor Memorial Inc.


BE PART OF HISTORY!
Final concert na 'to!
ERASERHEADS
HULING EL BIMBO
LIVE IN CONCERT
JUNE 16
8 PM
Doors open at 6 PM
FirstOntario Centre
Hamilton
ELY BUENDIA
RAYMS MARASIGAN
BUDDY ZABALA
MARCUS ADORO
Buy your tickets now! TICKETMASTER.CA
For more info, please call 647-988-TALA
tala entertainment